# Paraan ng pagpasok sa paaralan

## 1　Paraan ng paglipat ng paaralan

Kung gustong ilipat ang bata sa Elementary o High School sa Japan, ay pumunta sa School Affairs Division ng Board of Education sa munisipyo kasama ang bata at ng taong nakakapagsalita ng wikang hapon upang malaman ang eskwelahan na papasukan ng bata。

Matapos ito, ang magulang kasama ang bata ay kailangan pumunta sa papasukang eskwelahan sa itinakdang petsa, upang makausap ang principal at ang magiging guro ng bata tungkol sa mga kakailanganing gamit at mga patakaran sa paaralan.

## 2 Paraan ng pagpasok sa simula ng pasukan

Kung gustong ipasok ang bata sa Elementary o High School mula sa simula ng pasukan(Abril), ay may matatanggap na notice mula sa Board of Education sa nakaraang taon ng Agosto, kaya dalhin ang notice na ito sa School Affairs Division(Gakumu-ka)ng Board of Education upang alamin ang mga bagay-bagay.

＜Schedule hanggang sa school entrance ceremony(Nyugaku-shiki)＞

| Buwan | Elementary | High School |
| --- | --- | --- |
| Nobyembre | Medical Checkup<br>Papadalhan ng notice | |
| Kalagitnaan ng Disyembre | Matatanggap ang notice sa pagpasok<br>Pag-ingatan at itabi ito hanggang sa entrance ceremony | |
| Enero~Pebrero | Sumali sa Paliwanag na Pagtitipon para sa Pagpasok<br>Ituturo dito ang paghahanda sa pagpasok | |
| Abril | School Entrance Ceremony<br>Dalhin ang notice sa pagpasok at pumunta sa eskwelahan kasama ang bata | |

**＊ Para sa mga dayuhang walang resident registration, na gustong ipasok ang anak sa Elementary o High School ay kumontak sa School Affairs Division.**

Sagamihara City Board of Education
School Affairs Division (Personnel)
TEL: 042(769)8282